

PANTULONG SA PAGPLANO NG PAGSAMBÁ  
**5 LINGGO SA KARANIWANG PANAHOON - B**

02/05/2012

**MAAARING AWIT SA PAGTITIPON**

Awit ng Pasasalamat ..... Hontiveros  
 Bayan, Umawit ..... Silvino Borres Jr SJ, Baltazar, M. Francisco SJ  
 Awit (Salmó) 096 ..... Victor Eclar Romero  
 Dinggin Mo ..... Simplicio Esteban and E. Hontiveros SJ  
 Pag-aalaala ..... M. Francisco SJ  
 Halina't Umawit ..... Flores, Villaroman

**Panginoón, Kaawaan Mo Kami**

*Andante* (♩ = c. 90)

Dm A

Pan-gi-no - on, ka - a - wa-an mo ka - mi, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no -

4 Dm D Gm

on, ka-a-wa-an mo ka-mi, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no - on, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no - on, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no -

8 Dm A Dm C F

on, ka-a-wa-an mo ka - mi. Kris-to, ka-a-wa-an mo ka - mi,

12 A Dm Gm Dm A

Kris-to, ka-a-wa-an mo ka-mi, Kris-to, Kris-to, Kris-to \_\_\_\_\_ ka-a-wa-

17 D

an mo ka-mi. \_\_\_\_\_ *rit. pp* Pan-gi-no - on, ka-a-wa-an mo ka-

21 A *a tempo* *mf* D G

mi, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no - on, ka-a-wa-an mo ka-mi, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no - on, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no -

25 D A *rit.* D

on, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi.

# Litúrhiya ng Salitâ

**UNANG PAGBASA**..... Job 7:1-4, 6-7

Babasahin ni

Pagpapahayag mula sa Aklat ni Job

Nagsalita si Job at sinabi niyâ:

“Ang buhay ng tao’y sagana sa hiras,  
batbat ng tiisin at lungkot na dinaranas.

Siyâ’y tulad ng alipin,  
pahinga ang hinahangad,  
para siyâng manggagawa,  
naghihintay ng kaniyâng bayad.

Maraming buwan na ang lumipas,  
walang layon ang buhay ko.  
At tuwing sasapit ang gabi ay namimighati akó.

Ang gabi ay matagal,  
wari’y wala nang umaga,  
di mapanatag sa higaan at palaging balisa.

Mga araw ng buhay ko’y mabilis na nalalagas.  
Pag-asa ko’y lumalabo,  
at matuling tumatakas.

O Diyós,  
iyong alalahaning ang buhay ko’y parang hangin.  
Ang ligaya ng buhay ko’y napalitan na ng lagim.”

## TUGÓN SA SALMO

Panginoón ay purihin; siyâ ay nagpápagaling!

**SALMO:** Salmo 147:1-2, 3-4, 5-6

Babasahin/aawitin ni

Purihin ang Panginoón! O kay buti ng umawit at magpuri sa ating Diyós.  
Ang magpuri sa kaniyâ’y tunay na nakalulugod.  
Ang Lunsod ng Jerusalem,  
mulí niyâng ibabalik sa kaniyâng mga lingkod na natapon at nalupig.

Yaong mga pusong wasak ay kaniyâ ring lulunasan.  
Ang natamo nilang sugat, agad-agad tatapalan.  
Alam niyâ’t natitiyak ang bilang ng mga tala,  
isa-isang tinatawag, yaong ngalang itinakda.

Panginoóng ating Diyós ay dakila at malakas.  
Ang taglay niyâng karunungan ay walang makasusukat.

Yaong mapagpakumbaba'y siyá niyáng itataas,  
ngunit yaong mapaghambog sa lupa ay ibabagsak.

**IKALAWÁNG PAGBASA** ..... 1 Taqa-Corinto 9:16-19, 22-23  
Babasahin ni

Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid:

Hindi ngayo't nangangaral akó ng Mabuting Balita ay maaari na akóng magmalaki.  
Iyan ang tungkuling iniatang sa akin.

Sa aba ko,  
kung hindi ko ipangaral ang Mabuting Balita!

Kung ginagawa ko ito sa sarili kong kalooban,  
akó'y may gantimpalang hihintayin;  
ngunit ginagawa ko ito bilang pagtupad sa tungkulin  
sapagkat ito'y ipinagkatiwala sa akin.

Ano ngayon ang aking gantimpala?  
Ang maipangaral ko na walang bayad ang Mabuting Balita  
at ang di ko pagkuha ng nauukol sa akin bilang tagapangaral.

Malaya akó at di alipin ninuman;  
ngunit napaalipin akó sa lahat  
upang makahikayat akó ng lalong marami.

Sa piling ng mahihina,  
akó'y naging gaya ng mahihina  
upang mahikayat ko silá.

Akó'y nakibagay sa lahat ng tao  
upang ang ilan man lamang ay maligtas ko,  
kahit sa anong paraan.

Ginagawa ko ang lahat ng ito alang-alang sa Mabuting Balita,  
upang makabahagi akó sa mga pagpapala nito.

**MABUTING BALITÀ**..... Marcos 1:29-39

Ang Mabuting Balita ng Panginoón ayon kay San Marcos

Noong panahong iyon,  
mula sa sinagoga,  
si Hesús ay nagtuloy sa bahay nina Andres at Simon.  
Kasama niyá sina Santiago at Juan.

Nararatay noon ang biyenang ni Simon Pedro,  
dahil sa matinding lagnat,  
at ito'y agad nilang sinabi kay Hesús.  
Nilapitan ni Hesús ang babae,  
hinawakan sa kamay at ibinangon.  
Noon di'y inibsan ito ng lagnat at naglingkod sa kanila.

Pagkalubog ng araw,  
dinala kay Hesús ang lahat ng maysakit at ang mga inaalihan ng demonyo,

at nagkatipon ang buong bayan sa may pintuan ng bahay.  
 Pinagaling niyá ang maraming maysakit,  
 anuman ang kanilang karamdaman,  
 at nagpalayas siyá ng mga demonyo.

Hindi niyá hinayaang magsalita ang mga ito,  
 sapagkat alam nila kung sino siyá.

Madaling-araw pa'y bumangon na si Hesús  
 at nagtungo sa isang ilang na pook at nanalangin.  
 Hinanap siyá ni Simon at ng kaniyang mga kasama.  
 Nang siyá'y matagpuan,  
 sinabi nila,  
 "Hinahanap po kayóng lahat."  
 Ngunit sinabi ni Hesús,  
 "Kailangang pumunta rin naman tayo sa mga kalapit-bayan  
 upang makapangaral akó roon  
 – ito ang dahilan ng pag-alis ko sa Capernaum."

At nilibot niyá ang buong Galilea,  
 na nangangaral sa mga sinagoga at nagpapalayas ng mga demonyo.

## HOMILYA

### PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ

#### PANALANGIN NG BAYAN

- . . Para sa Simbahan
- . . Para sa mga Kinaúukulan
- . . Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakit at Yumao
- . . Para sa mga Dumaló sa Misang Itó

# *Litúrhiyá ng Eukaristiya*

Ihahatid ang mga Alay niná

#### MAAARING AWIT SA PAG-AALAY

Narito Akó .....	René San Andrés
Awit (Salmo) 138 .....	Victor Eclar Romero
Narito Akó, Panginoón .....	Nemy Que SJ
Awit (Salmo) 116 .....	Victor Eclar Romero

## SANTO, SANTO, SANTO

## Santo, Santo, Santo

**Moderato** (♩ = c. 120)

D A Em A Em A

San - to, san - to, san - tong Pang-i-no - ong D'yos ng

D A Em A

7 ma - nga huk - bo! Na - pu - pu - no ang la - ngit at

Em A D G D

13 lu - pa ng 'yong ka - da - ki - la - an! O - sa - na sa ka - i - ta - a -

Em A D % Em A

20 san, O - sa - na sa ka - i - ta - a - san! Pi - nag - pa - la ang na - pari -

D Em A D G

27 ri - to sa nga - lan ng Pang-i-no - on! O - sa - na sa

D Em A D

34 ka - i - ta - a - san, O - sa - na sa ka - i - ta - a - san! *D.S. al Fine*

PAGBUBUNYING PANG-ALAALA

Sa Krus Mo at Pagkabuhay

Andante (♩ = c. 90)

The musical score is written in treble clef with a key signature of one sharp (F#) and a common time signature (C). The tempo is marked 'Andante' with a quarter note equal to approximately 90 beats per minute. The melody is accompanied by chords: D, Em, A, D, G, D, D, A, and D. The lyrics are in Tagalog and describe the crucifixion and resurrection of Jesus.

Sa krus mo at pag - ka - bu - hay ka -  
 mí'y na - tu - bos mong tu - nay, Po - óng He - sus na -  
 ming ma - hál, i - lig - tás mo ka - ming ta - nán nga -  
 yón at mag - pa - kai - lan - mán.

Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrhíyá sa Tagalog.  
 Tugtugin © 2001-2012 Victor Eclar Romero.

DAKILANG AMEN

Victor Eclar Romero

Andante (♩ = c. 98)

The musical score is for a four-part setting of 'Amen'. It features a soprano (S), alto (A), tenor (T), and bass (B) part. The tempo is marked 'Andante' with a quarter note equal to approximately 98 beats per minute. The chords are C, G/B, F, C/E, F, G, and C. The lyrics are 'A - men, A - men, A - - - - men!'.

A - men, A - men, A - - - - men!

Tugtugin © 2011 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

PANALANGIN NG PANGINOÓN.....

## KORDERO NG DIYÓS

## Kordero ng Diyos

Moderato (♩ = c. 100)

D A D/F# D G

Kor-de-ro ng D'yos, na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

D/F# G A G D/F# G D

7 la-nan ng san-li-bu - tan, ma - a - wa ka sa a - min. —

G A D Bm G

14 — Kor-de-ro ng D'yos, na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

A D Bm G D/A G D

20 la - nan ng san-li-bu - tan, ma - a - wa ka sa a - min. —

D A D/F# D G

27 — Kor-de-ro ng D'yos na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

D/F# G A G A D Bm

33 lanan ng san-li-bu - tan, i - pag-kalo-ob mo sa a - min

G D/F# G D

40 ang — ka - pa - ya - pa - - - an.

Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrhíyá sa Tagalog.  
Tugtugin © 2001-2012 Victor Eclar Romero. www.magsimba.com

## MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG

Mabuhay sa Pag-ibig, Ang .....	Tabuena and E. Hontiveros SJ
O Hesús, Hilumin Mo .....	M. Francisco SJ
Manatili Ka .....	M. Francisco SJ
Manalig ka .....	Perez
Liwanagan Mo, Hesús .....	Arnel Aquino SJ
Huwág Kang Mangambá .....	Onofre Pagsanghan and M. Francisco SJ
Hesús ng Aking Buhay .....	Arnel Aquino SJ
Halina, Lumapit sa Akin .....	Isidro, Que
Awit ng Paghilom .....	Arnel Aquino SJ
Paglingap ng Diyós, Ang .....	Hontiveros

Kaibigan .....

**MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ**

O Bayan ng Diyós ..... Aquino

Magpasalamat kayó sa Panginoón ..... Fruto Ramirez SJ

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».

Palítan ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».

Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin

kay G. JR Medina ng Parokya ng « Kalinislinisang Paglilihi kay Maria » sa Vista Verde, Caintâ, Rizal  
at sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

5 Linggó sa Karaniwang Panahón - B | 02/05/2012 | Leksyonaryo 74 | Gulóng B  
Halaw ang mga Pagbasa sa Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. [www.bible.org.ph](http://www.bible.org.ph)  
Litúrhiya. Filipino. [www.magsimba.com](http://www.magsimba.com)